

COMMONSPIRIT HEALTH

Buod ng Polisiya sa Tulong Pinansyal

Nakatuon ang CommonSpirit Health sa paglikha ng mas malusog na komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong pinansyal sa mga taong may pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan at walang insurance, hindi sapat ang insurance, o hindi karapat-dapat sa mga programa ng gobyerno, o walang kakayahang makabayad. Ang pagtataguyod sa mahihirap at mahihina ay kapwa misyon at pasyon namin. Inilalarawan sa buod na ito ang mga pinansyal na tulong na maaaring gamitin upang makatulong sa pagbabayad sa mga serbisyong medikal na kinakailangan na ibinibigay ng mga Ospital ng CommonSpirit Health sa mga pasyenteng nakakaabot sa mga kahilingang kita.

Libreng Pangangalaga:

- Kung ikaw ay walang insurance o hindi sapat ang insurance na mayroong kita na umaabot sa 300% ng Pederal na Antas ng Kahirapan, maaari kang maging karapat-dapat na makatanggap ng 100% diskwento sa mga balanse mo sa mga kwalipikadong serbisyo sa ospital.

Pangangalaga na may Diskwento:

- Kung ikaw ay walang insurance o hindi sapat ang insurance na mayroong kita sa pagitan ng 301-400% ng Pederal na Antas ng Kahirapan, maaari kang maging karapat-dapat na magkaroon ng 50% diskwento o higit pa sa mga serbisyo sa ospital, o mabawasan ito at maging Amount Generally Billed (AGB), depende sa lebel ng iyong kita. Nakabalangkas ang karagdagang detalye sa Polisiya sa Tulong Pinansyal.

Pagiging Karapat-dapat:

Inaalok ang tulong sa mga ang taunang kita ng pamilya ay nabibilang sa kategorya sa itaas at:

- Nakipagtulungan sa mga pagsisikap na gamitin ang lahat ng iba pang opsyon sa pagbabayad; at
- Nakatapos ng Aplikasyon sa Tulong Pinansyal at nakapagbigay ng sapat na suporta para mapatunayan ang kita.

PAALALA: Sa ilang kaso, ang mga pasyente ay maaaring bigyan ng tulong pinansyal nang walang pormal na aplikasyon. Nakabalangkas ang mga detalye sa Polisiya sa Tulong Pinansyal.

Mga bayarin na sinisingil sa mga pasyenteng karapat-dapat para sa tulong pinansyal:

Kung karapat-dapat ka para sa tulong pinansyal sa ilalim ng aming Polisiya sa Tulong Pinansyal, hindi mo kailangang magbayad nang higit sa Amount Generally Billed, na halagang itinakda sa ilalim ng pederal na batas na siya sanang ibabayad sa ospital ng mga pribadong health insurer at Medicare (kasama ang mga co-pay at mga ibabawas) para sa mga serbisyong medikal na kinakailangan.

Hindi ka kailanman kakailanganing magbigay ng paunang bayad o iba pang kaayusan sa bayad upang makatanggap ng mga serbisyong pang-emergency.

Handa ka na bang pumunta sa susunod na hakbang?

Kumpletuhin ang aplikasyon at isumite sa Serbisyo para sa Kwalipikasyon at Pagpapatala.

Ang Polisiya sa Tulong Pinansyal, Aplikasyon sa Tulong Pinansyal, at ang Buod na ito ay makikita sa <https://www.chifranciscan.org/billing-insurance-and-finances/financial-assistance-discounts-for-patients.html>, sa Ingles at Espanyol.

Para makatanggap ng libreng kopya ng mga dokumentong ito sa pamamagitan ng sulat o personal, para makakuha ng tulong sa pagkumpleto ng aplikasyon, o para makahingi ng libreng kopya ng mga dokumentong ito na naisalin sa wikang hindi naipakita sa itaas, pakikontak ang:

Virginia Mason Franciscan Health
Eligibility and Enrollment Services
P.O. Box 660872, Dallas, TX 75266-0872
Phone: 844-286-5546
Fax: 469-803-4627
e-mail:CHIFA@coniferhealth.com

Ang mga dokumentong ito ay available din sa Emergency Room, kung mayroon man, at lugar ng

pagtatanggap ng mga ospital na malapit sa pangunahing pasukan (sundin ang mga tanda sa "Pagtanggap" at "Pagrehistro"). Ang mga pinansyal na tagapayo ay maaaring sumagot sa mga katanungan, magbigay ng mga impormasyon tungkol sa Polisiya sa Tulong Pinansyal at tumulong upang gumabay sa proseso ng Aplikasyon sa Tulong Pinansyal. Ang mga pinansyal na tagapayo ay magbibigay rin ng mga impormasyon tungkol sa porsyento ng AGB ng Pasilidad ng Ospital at kung paano kalkulahin ang mga porsyento ng AGB. Matatagpuan ang mga kawani namin sa lugar ng Pagtatanggap ng ospital at maaaring maabot sa teleponong nakalista sa itaas.